## Malubhang paninira

Kung kasama sa paninira ang pagbabanta ng pinsala sa isang tao o sa kaniyang ari-arian, o pag-uudyok sa iba na pagbantaang saktan ang isang tao nang pisikal o sirain ang kaniyang mga ari-arian, ito ay isang kriminal na pagkakasala. Ito ay tinatawag na seryosong paninira at dapat iulat sa pulisya.

### Halimbawa:

Habang mapayapang nagra-rally, isang miyembro ng publiko na hindi kalahok sa rally ay nagbanta ng karahasan sa grupo at hinihikayat ang iba na gawin din ito. Ang mga banta ng karahasan ay batay sa pagkakakilanlang relihiyon at etniko ng grupo.

Ang isang taong nahatulan ng malubhang paninira ay maaaring maharap sa posibleng sentensya na pagkakakulong ng hanggang tatlong taon.

## Ano ang aasahan kapag nag-uulat

Kapag nag-uulat ng isang insidente, dapat mong ibigay ang iyong lokasyon at ilarawan kung ano ang iyong naranasan o nasaksihan.Sa paunang pagsisiyasat, maaaring kapanayamin ng pulisya ang mga biktima at saksi, magrekord ng mga detalye, tasahin ang pangangailangan para sa proteksyon ng biktima, at mangolekta ng pisikal na ebidensya.
Bagama't maaari kang manatiling hindi nagpapakilala, maaari itong makaapekto sa paraan kung paano mag-iimbestiga ang pulisya. Hinihikayat kang i-ulat ang anumang krimeng sanhi ng pagkapoot na nagaganap sa paligid mo.

## Mga opsyon sa pag-uulat

Kung naniniwala ka na ang krimen na ginawa laban sa iyo o sa ibang tao, ay udyok ng pagkapoot, maaari mo itong iulat sa mga sumusunod na paraan:

- **Emerhensya:** Kung may nangyayaring krimen ngayon, tawagan ang Triple Zero (000).
- **Policelink:** Mag-ulat ng krimen online sa police.qld.gov.au/policelink-reporting o tumawag sa 131 444.
- **Crime Stoppers:** Para sa hindi makikilalang pag-uulat ng isang hindi agarang kriminal na aktibidad o kahina-hinalang aktibidad pumunta sa crimestoppersqld.com.au o tumawag sa 1800 333 000.
- **Sa personal:** Maaari kang mag-ulat ng krimen nang personal sa alinmang istasyon ng pulisya.

Maaari mo ring piliingmakipag-ugnayan sa **Queensland Human Rights Commission** sa pamamagitan ng pagtawag sa 1300 130 670 o online sa qhrc.qld.gov.au.

Queensland Human Rights Commission

Queensland Government

# Krimen ng Pagkapoot

## Alam mo ba ang batas tungkol sa mga krimen ng pagkapoot?



Kilalanin ang iyong **mga karapatan** at magagamit **na mga opsyon sa pag-uulat.**

Queensland Human Rights Commission

Queensland Government

## Pag-unawa sa krimen ng pagkapoot

Ang krimen ng pagkapoot ay isang kriminal na gawain na udyok ng pagkapoot at ginawa laban sa isang indibidwal o grupo ng mga tao batay sa paghuhusga o pagkiling sa kanilang mga katangian

Ang mga krimen ng pagkapoot ay maaaring kabilangan ng:

- **Mga mapang-abusong salita o pag-uugali**
  Pagtawag ng kung anu-ano o pagbabanta na direktang nauugnay sa mga katangian ng isang tao
- **Pisikal na pananakit o karahasan**
  Pagsuntok, pananakit, pagdura, paghampas, pagsipa, paggamit ng mga armas, panggagahasa, pagpatay o pagbabanta
- **Pagsira ng ari-arian**
  Paninira, panununog, nakakasakit na graffiti, paglapastangan ng mga libingan o mga lugar ng pagsamba
- **Panliligalig (Harassment)**
  Mga gawa-gawang reklamo, stalking, palagiang pagtawag sa telepono, email o text message
- **Online na krimen**
  Mapoot na mga mensahe o post na nagta-target sa mga tao o grupo ng minorya, kabilang ang mga social media platform na direktang nakakaapekto sa iyo.

Tinatarget ng mga krimen ng pagkapoot ang mga katangian ng biktima at maaaring kabilang ang:

- **Lahi**
- **Relihiyon**
- **Sekswalidad**
- **Pagkakakilanlan ng Kasarian**
- **Mga katangian ng kasarian**

Hinihikayat namin ang sinumang nakakaranas ng insidente na udyok ng pagkapoot na iulat ito sa pulisya.

> **Halimbawa:**
> Ang bintana ng isang may-ari ng tindahan ay binasag ng isang kostumer dahil lang sa pagkakakilanlan ng kasarian ng may-ari.

## Pag-unawa sa diskriminasyon at labag sa batas na paninira

Ang mga batas sa diskriminasyon ng Queensland ay tungkol sa pagtrato nang makatarungan sa lahat. Kung hindi makatarungan ang pagtrato sa iyo dahil lang sa isang bagay tungkol sa iyo, maaaring ito ay diskriminasyon o labag sa batas na paninira. Habang ang mga pangyayaring ito ay hindi umaabot sa antas ng isang kriminal na paglabag, ang mga pag-uugaling ito ay ipinagbabawal pa rin sa ilalim ng batas ng Queensland.



Ang labag sa batas na paninira ay nangyayari kapag ang isang tao ay nag-uudyok sa publiko ng pagkapoot, seryosong pang-aalipusta o matinding pangungutya sa ibang tao dahil sa kaniyang lahi, relihiyon, sekswalidad, mga katangian ng kasarian o pagkakakilanlan ng kasarian.
Kabilang dito ang mga bagay tulad ng online na pang-aabuso o panliligalig sa isang tao sa kalye.

> **Halimbawa:**
> Ang isang taong mula sa ibang kultura na dumalo sa isang malaking kurso ng pagsasanay ay tinawag ng kung anu-ano ng punong tagapagsanay na insulto sa kanyang lahi sa harap ng iba pang mga tagapagsanay at miyembro ng kurso, na naging dahilan upang tawanan nila ang mga komento.

Ang diskriminasyon ay nangyayari kung hindi makatarungan ang pagtrato sa iyo sa trabaho, paaralan, sa iyong pakikitungo sa gobyerno, o sa paghahanap ng mga produkto at serbisyo, dahil sa partikular na katangian tulad ng iyong lahi, kasarian, kapansanan, relihiyon, o sekswalidad.

> **Halimbawa:**
> Isang rental agency na tumangging magpaupa sa isang same sex couple kahit na sila ang pinakamalakas na aplikante.

Maaari mong malaman ang higit pa o magreklamo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Queensland Human Rights Commission.